



### **Naghahanda ang Brampton na i-update ang mga program at serbisyo kaugnay ng mga hakbang ng Lalawigan na maingat at dahan-dahang pagaanin ang mga pamamaraan sa COVID-19**

BRAMPTON, ON (Enero 25, 2022) – Kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan ng Ontariosa nakaraang linggo, naghahanda ang Lungsod ng Brampton na i-update ang mga programa at serbisyo at muling bubuksan ang ilang pasilidad simula Enero 31, 2022.

#### **Mga pamamaraang pagkalusugan at pangkaligtasan ng Lalawigan Enero 31**

Simula sa Enero 31 sa 12:01 am, ang sumusunod na pamamaraan ay ipapairal:

- Dinadagdagan ang limitasyon ng pagtitipon-tipon sa 10 tao indoor at 25 taon outdoor.
- Dinadagdagan o pinapanatili ang limitasyon sa kapasidad sa 50 porsyento indoor sa pampublikong lugar, kabilang ngunit hindi limitado sa:
  - Mga restawran, bar at iba pang mga establisyemento ng pagkain o inumin na walang mga pasilidad sa pagsasayaw;
  - Mga retailer (kabilang ang mga grocery stores at parmasya);
  - Mga shopping mall;
  - Mga lugar ng isport na walang tagapanood at mga pasilidad ng panlibangang fitness, kabilang ang mga gym;
  - Mga sinehan;
  - Mga espasyo ng pagpupulong at event;
  - Panlibangang mga amenidad at mga amusement park, kabilang ang mga water park;
  - Mga museyo, gallery, mga aquarium, zoo at kaparehong mga atraksyon;
  - Mga casino, bingo hall at iba pang mga establisyemento ng game; at
  - Panrelihiyong mga serbisyo, ritwal, o mga seremonya.
- Pagpapahintulot sa mga pasilidad ng mga manonood tulad ng sa mga event ng isport, mga venue ng concert at mga teatro na mag-o-operate sa 50 porsyentong kapasidad o 500 katao, alinman ang mas kaunti.

Ang pinahusay na patunay ng pagpapabakuna at iba pang mga rekisito ay patuloy na ilalapat sa umiiral na mga lugar.

#### **Mga serbisyo, programa at pasilidad ng Lungsod**

##### City Hall at mga pasilidad ng Korporasyon

Simula sa Pebrero 21, ang City Hall at ang mga pasilidad ng Korporasyon ay muling magbubukas para sa mga serbisyong walk-in. Bago ang petsang iyan, ang mga serbisyo ay batay sa appointment lamang. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline).

Ang mas maraming detalye kaugnay ng mga espasyo ng pasilidad sa pagpupulong at mga pangungupahan ay ibibigay sa darating na mga linggo.



### Brampton Transit

Tumatakbo ang Brampton Transit sa binawasang antas ng serbisyo hanggang sa karagdagang abiso. Maaaring ia-adjust din ang mga piling oras ng operation ng terminal.

Para sa pinakabagong iskedyul ng ruta at mga oras ng operation, hinihikayat ang mga customer na tawagan ang Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999. Para sa mga regular na update sa serbisyo, bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter.

Kapag nagbibiyahen, ang mga indibidwal na gumagamit ng Brampton Transit ay pinapaalalahanan na magsuot ng mahigpit na mask sa mga bus at mga terminal, at iwasan ang pagbaba ng mga mask para sa pagkain o pag-inom habang habang nagko-commute maliban sa medikal na emerhensiya. Pinapaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling disinfectant habang nagbibiyahen, tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na maghugas ng kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko.

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator bawat 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize bawat 24 oras. Pinupunasan at sina-sanitize araw-araw ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na surface.

### Paglilibangan

#### **Mga indoor na panlibangang amenidad**

Muling magbubukas ang mga Sentrong Panlibangan sa Lunes, Enero 31 para sa nakatakdang rehistrado at drop-in programming. Ayon sa mga regulasyong panlalawigan, ang mga limitasyon sa kapasidad sa mga sentrong panlibangan ay ibababa sa hanggang limampung porsyento. Hindi kailangan ang paunang pagpapatala para sa mga pagbisita sa mga sentrong panlibangan, gayunpaman, inirerekumenda na bibilhin online ng mga panauhin ang kanilang mga serbisyo bago ang kanilang pagbisita dahil ang lahat ng serbisyo ay first-come, first-served. Ang available na mga programa ay makikita online sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.brampton.ca/registerforprograms](http://www.brampton.ca/registerforprograms) simula sa Miyerkules, Enero 26 sa 10 am.

#### *Mga rehistradong sesyonal na mga programa sa winter*

Ang rehistradong sesyon sa winter ay magpapatuloy umpisa sa linggo ng Enero 31 para sa pinaikling sesyon. Hindi ia-adjust ang mga petsa ng pagtatapos ng programa. Ang mga kalahok na dati nang nagparehistro para sa mga programa sa winter ay nakatanggap ng pro-rated credit sa account ng kanilang kliyente para punan ang nabawasang tagal ng sesyon.

#### *Mga Membership*

Ang membership sales ay magpapatuloy umpisa Miyerkules, Enero 26 sa 10 am. Ang available na mga opsyon ng membership ay makikita sa [www.brampton.ca/memberships](http://www.brampton.ca/memberships).

#### *Mga Hinihinging Pgpapatunay ng Pagpapabakuna*



Ang lahat ng bisita na 12 taong gulang at higit pa na pumapasok sa mga sentrong panlibangan ng Lungsod ng Brampton ay kinailangang magpakita ng patunay ng estado ng pagpapabakuna. Mailalapat ito sa lahat ng kalahok at manonood sa mga sentrong panlibangan, kabilang ang mga kabataan, coach, instructor, tagapag-alaga, volunteer at mga opisyal ng laro.

Ang mga batang magiging 12 taong gulang sa 2022 (ipinanganak sa 2010) ay bibigyan ng palugit na 12 linggo mula sa petsa ng kanilang kaarawan, kung kailan hindi nila kailangang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna sa mga pasilidad ng indoor na isport at panlibangan. Nagpapahintulot ito sa mga bata na magkaroon ng panahong kailangan para magpabakuna at makatugon sa mga hinihinging patunay ng pagpapabakuna. Matapos ang palugit na 12 linggo, kakailanganin na sa kanila ang magpakita ng patunay ng pagpapabakuna .

### *Tinatanggap na Mga Pamamaraan ng Patunay ng Pagpapabakuna*

Ang mga bisita sa mga sentrong panlibangan ay kakailanganing gumamit ng enhanced vaccine certificate na may QR code at ng Verify Ontario app. Ang QR code ay pwedeng digital na gamitin o sa pamamagitan ng pag-print ng papel na kopya. Maaaring i-download ng mga indibidwal ang kanilang enhanced certificate na may QR code sa pamamagitan ng pagbisita [dito](#). Ang patunay ng isang negatibong COVID-19 test ay hindi tatanggapin bilang alternatibo sa patunay ng kumpletong pagpapabakuna. Hindi na tinatanggap ang nakasulat na mga medikal na eksemsyon para makapasok sa mga sentrong panlibangan.

### *Online Screening*

Ang lahat ng panauhin ay may opsyon na kumpletuhin ang online screening at ang form ng contact tracing bago dumating sa mga sentrong panlibangan ng Lungsod ng Brampton. Para ma-access ang online screening tool, bisitahin [dito](#). Ang mga panauhin ay makakatipid ng panahon sa pagsagot sa mga tanong na pre-screening online gamit ang isang smartphone/computer nang pauna sa kanilang pagbisita. Sa pagdating sa itinalagang screening area/entrance, kailangang ipakita ng mga bisita ang kumpirmasyon sa screening (berdeng check mark) sa pamamagitan ng telepono. Patuloy na ibibigay sa mga bisita na ayaw na sagutan ang online pre-screening ang batay sa papel na contact tracing.

### Mga outdoor na panlibangang amenidad

Patuloy na mag-o-operate ang outdoor programming at mga amenidad, kabilang ang outdoor skating sa Mount Chinguacousy. Ang bagong impormasyon tungkol sa outdoor na mga programa at serbisyo ay makikita sa [www.brampton.ca/winterwonderland](http://www.brampton.ca/winterwonderland). Patuloy na mag-o-operate ang mga skating rink sa paraang first-come, first-served, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng yelo. Hinihikayat ang mga bisita na pumunta sa [www.brampton.ca/outdoorskating](http://www.brampton.ca/outdoorskating) para sa mga update sa mga patnubay sa outdoor skating at operational na estado ng outdoor rink bago sila bumisita.



### Ang The Rose at mga pasilidad ng performing arts:

Ang lahat ng indoor na pasilidad ng performing arts ng Lungsod ng Brampton ay nananatiling magagamit para sa mga pag-eensayo at nakarekord na mga performance. Ang mga performance na may personal na tagapanood ay magbabalik sa Marso 2022, na may mailalapat na mga paghihigpit sa COVID-19.

Magaganap ang outdoor programming sa Garden Square para sa Family Day sa Pebrero 21, 2022.

Patuloy na makukuha ang mga refund para sa credit/tseke, account credit, o donasyon sa lahat ng ticket-holder, sa pamamagitan ng pag-email sa [boxoffice@brampton.ca](mailto:boxoffice@brampton.ca).

Makukuha ang karagdagang mga detalye sa [www.therosebrampton.ca](http://www.therosebrampton.ca).

Muling magbubukas ang LBP at Cyril Clark theatres sa Marso 2022 na may mailalapat na mga paghihigpit sa COVID-19.

### Brampton Library

Lahat ng sangay ng Brampton Library ay bukas araw-araw para sa mga serbisyo sa loob ng sangay, maliban sa Mount Pleasant Village, na nag-aalok ng araw-araw na serbisyo ng curbside pickup lamang. Malapit na, ang mga residente ay maaaring mag-enjoy sa outdoor story walks na naka-install sa Professor's Lake, Loafer's Lake at Chinguacousy parks. Ang Chinguacousy Branch Library ay nagpapahiram ng libreng winter activity kits sa paraang first-come first-served hanggang meron pang natitirang kit. Para sa mga detalye, bisitahin ang [www.bramptonlibrary.ca](http://www.bramptonlibrary.ca).

### **Mga Pagpapabakuna sa COVID-19**

Ang mga bakuna ang pinakamahusay na paraan para maprotektahan ang iyong sarili at ang iba. Maaari na ngayong mag-book ng mga appointment para sa sinumang limang taong gulang pataas sa pamamagitan ng sistema ng pag-book ng bakuna ng Ontario o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1.833.943.3900.

Maaari na ngayong mag-book ng mga appointment para sa mga indibidwal na may edad 18 pataas para magpaikedyul ng kanilang appointment para sa booster sa COVID-19 kung tatlong buwan o mahigit na ang lumipas mula noong kanilang huling dosis. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang <https://covid-19.ontario.ca/covid-19-vaccines-ontario>

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pagpapabakuna sa COVID-19, bisitahin ang [vaccine portal](#) ng Lalawigan.

**Mga Mask**

Pinapaalalahanan ang mga residente na pinalawig ng Lungsod ang Brampton COVID-19 Mandatory Face Mask By-law (Tuntunin ng Brampton sa Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask para sa COVID-19) nito hanggang Abril 1, 2022.

Sa ilalim ng COVID-19 Mandatory Face Mask By-law, kinakailangan ang pagsusuot ng mga hindi medikal na mask sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga scarf, bandana, neck gaiter, o neck warmer at mga mask na may exhalation valve ay hindi tinatanggap na anyo ng mga pantakip sa mukha. Sa ilalim din ng tuntunin, maaari lamang alisin ang mga mask kung kakain o iinom kung nakaupo ang isang indibidwal sa nakatalagang lugar para sa layuning iyon.

Pinapasalamatan ng Lungsod ang mga residente para sa patuloy na paggawa ng kanilang bahagi, pisikal na pagdistansiya, pag-uugali ng mabuting kalinisan ng katawan, at pagsusuot ng mga mask para makatulong na mapigilan ang pagkalat.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)